

ACTIVITY

A. Pagsunud-sunorin ang pangyayari. Ilagay ang number 1 sa patlang ng pangungusap na unang naganap hanggang umabot ng 8 (pinakahuli).

_____ Ipinakita ng Diyos kay Daniel ang panaginip ng hari at ang kahulugan nito sa isang pangitain.

_____ Dinala si Daniel at ang kanyang mga kaibigan sa Babylon.

_____ Pinuri ng hari ang Diyos ni Daniel at ginawa si Daniel na isang dakilang pinuno sa Babylon.

_____ Sinabi ni Daniel sa hari ang kanyang panaginip at ang kahulugan nito.

_____ Iniutos ng hari na patayin ang lahat ng matatalinong tagapayo sa Babylon.

_____ Humiling si Daniel sa hari ng oras upang magdasal sa Diyos at humingi ng tulong.

_____ Nagkaroon si Haring Nebuchadnezzar ng nakakabahalang panaginip.

_____ Hiningi ng hari sa kanyang mga matatalinong tagapayo na sabihin sa kanya ang panaginip at ang kahulugan nito, ngunit hindi nila magawa.

B. Sagutin ang mga tanong.

1. Bakit dinala si Daniel at ang kanyang mga kaibigan sa Babylon?

2. Ano ang nangyari nang hindi masabi ng mga tagapayo, salamangkero, at astrologo sa hari ang kanyang panaginip o ang kahulugan nito?

3. Paano nalaman at naipaliwanag ni Daniel sa hari ang naging panaginip nito?

Si Daniel ay nanatiling tapat sa Diyos kahit na siya ay nasa ibang bansa at napaharap sa mahihirap na sitwasyon. Siya at ang kanyang mga kaibigan ay nanalangin sa Diyos kapag kailangan nila ng karunungan. Alam niyang mapagkakatiwalaan niya ang Diyos na ihayag sa kanya ang panaginip ng hari at ang kahulugan nito. Dahil sa kanilang katapangan at pananalig sa Diyos, patuloy silang pinagpapala at pinoprotektahan



C. Basahin ang kwento at sagutin ang mga tanong.

Si Sam ay sampung taong gulang at mahilig siyang maglaro ng soccer at magbasa ng mga adventure books. Mahilig din siyang pumunta sa Sunday school, kung saan natututo siya tungkol sa Diyos at sa Biblia. Mahalaga kay Sam ang kanyang pananampalataya, katulad ng kahalagahan ng pananampalataya ni Daniel.

Isang araw, may nangyaring nakaka-excite. Inanunsyo ng kanyang paaralan na magkakaroon sila ng isang malaking science fair. Ang mananalo ay makakakuha ng espesyal na premyo at magkakaroon ng pagkakataon na maging kinatawan ng paaralan sa isang regional competition. Tuwa-tuwa si Sam at nagpasyang sumali.

May ideya si Sam para sa kanyang proyekto: gusto niyang gumawa ng volcano model na puwedeng pumutok. Gumugol siya ng maraming araw sa paggawa nito, pagbabasa ng mga libro, at pagkolekta ng mga materyales. Araw-araw siyang nagdarasal tuwing gabi, humihingi ng tulong at karunungan mula sa Diyos para magawa niya ang pinakamainam.

Ilang araw bago ang science fair, nagsimulang lokohin ng kanyang mga kaibigan. "Bakit ka lagi nagdarasal at humihingi ng tulong sa Diyos?" sabi ng isa sa kanila. "Dapat gawin mo na lang mag-isa. Hindi ka matutulungan ng dasal para manalo." Medyo nasaktan si Sam pero naalala niya ang natutunan sa Sunday school tungkol sa katapatan ni Daniel.

Sa araw ng science fair, dinala ni Sam ang kanyang volcano model sa paaralan. Kinabahan siya nung siya na ang magpepresenta. Pabulong siyang nagdasal, humihingi ng lakas ng loob at karunungan mula sa Diyos. Pagkatapos, sinimulan niyang ipaliwanag kung paano niya ginawa ang bulkan at paano ito gumagana. Nang maganap ang pagputok, namangha ang lahat. Ang mga hurado ay labis na humanga sa kanyang paliwanag at sipag.

Pagkatapos ng lahat ng presentasyon, inanunsyo ng mga hurado ang nanalo. Si Sam ang nanalo! Labis siyang natuwa at nagpasalamat sa Diyos sa pagtulong sa kanya. Nagpasalamat din siya sa kanyang mga magulang at guro na sumuporta sa kanya.

Binigyan ng principal si Sam ng premyo at sinabi, "Sam, ang iyong proyekto ay kahanga-hanga, pero ang talagang nagustuhan namin ay ang iyong tapang at pagpapakumbaba. Hindi lang maganda ang iyong trabaho, ipinakita mo rin sa amin kung gaano kahalaga ang magtiwala sa isang mas dakila kaysa sa atin."

Lumapit ang mga kaibigan ni Sam na nangungutya sa kanya noon at nagsabing, "Patawarin mo kami sa pangungutya namin. Ipinakita mo sa amin na ang pagtitiwala sa Diyos at pagdarasal ay talagang may epekto."

Ngumiti si Sam at sinabi, "Ayos lang. Natutunan ko kay Daniel sa Biblia na ang pagiging tapat at pagtitiwala sa Diyos ay makakatulong sa atin sa anumang sitwasyon."

Mula noon, nirespeto ng mga kaibigan ni Sam ang kanyang pananampalataya. Patuloy na nagdasal at nagtitiwala si Sam sa Diyos, alam niyang katulad ni Daniel, maaari niyang harapin ang anumang hamon na may pananampalataya at katapangan.

Mga tanong:

1. Ano ang mga hilig gawin ni Sam?

2. Bakit nagsimulang lokohin ng mga kaibigan si Sam?

3. Bakit nagsimulang magbiro ang mga kaibigan ni Sam?

4. Paano ipinakita ni Sam ang tapang sa kanyang sitwasyon?

5. Ano ang ipinakita ni Sam na kahalagahan ng panalangin sa harap ng mga hamon?

Ipinakita ni Sam na ang pagtitiwala sa Diyos ay nagbibigay ng lakas ng loob at karunungan upang malampasan ang mga hamon na kanyang hinarap. Ipinakita ni Sam na kahit tinutukso siya ng kanyang mga kaibigan, nanatili siyang tapat sa kanyang panalangin at tiwala sa Diyos, na nagbigay sa kanya ng tapang na magtagumpay. Ang kanyang paghingi ng tulong sa Diyos ay sinamahan niya ng gawa sa pamamagitan ng pag-aaral nang mabuti ng kanyang proyekto at gumugol ng maraming oras sa paggawa nito, na nagdala sa kanya ng tagumpay sa science fair. Ang mga batang tulad natin ay dapat matutong humiling sa Diyos ng talino at kakayahan maisagawa ang isang bagay at gawin ang ating part upang ito ay magkaroon ng katuparan.



D. Memory Verse

Sinabi niya kay Daniel, "Tunay na ang Diyos mo ang pinakadakila sa lahat ng mga diyos at Panginoon ng mga hari. Siya ang tagapagpahayag ng mga hiwaga kaya naipahayag mo ang hiwagang ito." **Daniel 2:47**

